# Filipino

### A

Acacio-Flores, Lin. *The Secret (Filipino Edition)*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2016. [NOBELA, PANITIKANG PAMBATA] Ang *The Secret* ay isang nobelang pambata na hango sa sariling karanasan ni Lin Acacio-Flores noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa Isang kumbento na pinamumugaran ng mga misteryosong anino, isang batang babae ang susubok tuklasin ang katotohanan.

Adaya, Jomar, et al. *Sagupa: Antolohiya ng mga Tula ng mga Makatang Guro ng Kagawaran ng Filipinolohiya ng PUP*. Manila: Polytechnic University of the Philippines Press, 2016. Ito ay koleksiyon ng mga tulang nilathala ng mga guro ng Kagawaran ng Filipinolohiya ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP).

### B

Bayuga, Mayette. *Babae sa Balumbalunan ni Hakob*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2016. [DAGLI, MAIKLING KUWENTO] Ito ay isang koleksiyon ng mga dagli at maiikling kuwento kung saan ang hiwaga at biyaya ng kalikasan ang tanging pumupukaw sa kamalayan ng mga Filipino.

Bellen, Christine S. *Batang Rizal at Iba Pang Dula*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2016. [DULA] Binubuo ang koleksiyong ito ng mga dulang musikal na akma ang haba para sa batang mambabasa. Mithiin ng mga ito ang pagyamanin ang kultural at pangkasaysayang kaalaman ng batang Pilipino.

Braga, Rogelio. *Colon*. Manila: Balangiga Press, 2016. [NOBELA] Ito ang pinakabagong nobela ng mandudula at mangangatha na si Rogelio Braga. Sa pamamagitan ng depiksiyon ng relasyong Moro-Filipino, tinatalakay nito ang isyu ng identidad, karahasan, at kapayapaan.

### D

delos Reyes, Joselito D. *Troya: 12 Kuwento*. Pasay City: Visprint, Inc., 2016. [MAIKLING KUWENTO] Ang *Troya: 12 Kuwento* ay isang koleksiyon ng maiikling kuwento ni Joselito D. Delos Reyes, ang ginawaran ng 2013 NCCA Writer's Prize for Short Story in Filipino.

### E

Eliserio, U Z. *Kami sa Lahat ng Mataba*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2016. [KRITIKAL NA SANAYSAY] Sa koleksiyon ng mga kritikal na sanaysay na ito, nilapat ni U Z. Eliserio ang mga kanluraning teorya sa pagsuri at pagtalakay ng sitwasyong kultural, politikal, at panlipunan ng Pilipinas.

### F

Ferriols, Padre Roque J. SJ, at Leovino Ma. Garcia, ed. *Sulyap sa Aking Pinanggalingan*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2016. [AUTOBIOGRAPIYA] Ang autobiograpiyang ito ng dating propesor ng pilosopiya na si Fr. Roque J. Ferriols ay pinamatnugutan ni Leovino Ma. Garcia. Nilalaman nito ang paglalakbay ng dating propesor sa paghahanap ng katotohanan, mula sa kaniyang kabataan bilang isang paring Heswita hanggang sa kaniyang mga karanasan sa paghubog ng bawat henerasyon ng mag-aaral ng pilosopiya.

### M

Molina, Russell, and Kajo Baldisimo. *12:01*. Quezon City: Adarna House, 2016. [KOMIKS] Ang komiks na *12:01* nina Russell Molina at Kajo Baldisimo ay tungkol sa kuwento ng isang barkada na nasiraan ng kotse sa daan lampas hatinggabi sa kasagsagan ng Martial Law.

### T

Tolentino, Rolando B. *Araw/Gabi*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2016. [APORISMO] Twitter ang unang naging lunsaran ng mga aporismong bumubuo ng koleksiyong ito, na siya namang hinati sa dalawa: araw at gabi. Ang aporismo, base sa may-akda, ay "maiikling pangungusap na direkta ang punto … at ang pangungusap na ito ay nagbibigay-distinksyon, ng pagkakaiba't pagmumukod-tangi sa ordinaryo. Ito ay isang definisyon din, ng paglalahad ng isang sintesis hinggil sa karanasan sa mundo ng makabuluhan aspekto nito … at hinggil sa sangkatauhan."

## Y

Yapan, Alvin B. *Sangkatauhan Sangkahayupan*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2016. [MAIKLING KUWENTO] Ang *Sangkatauhan Sangkahayupan* ay ang unang koleksiyon ng maiikling kuwento ni Alvin B. Yapan. Laman nito ay mga kuwentong naglalayong ibalik ang mga nalimutang pisi ng kasaysayan sa pamamagitan ng tambalan at talaban ng mito at realidad.